

Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka
20

Kayarian ng pang-uri

Panuto: Salungguhitan ang pang-uri sa pangungusap at tukuyin ang kayarian nito. Isulat ang titik **P** sa patlang kung ang pang-uri ay *payak*, **M** kung ito ay *maylapi*, **I** kung ito ay inuulit, at **T** kung ito ay *tambalan*.

1. ____ Ang gusaling iyon ay kasintaas ng bundok!
2. ____ Nakita ko sa labas ang basahan na pira-piraso.
3. ____ Nais niyang tumira sa bayan na payapa.
4. ____ Abot-kaya na ngayon ang mga paninda niya.
5. ____ Humingi ng tulong sa kanyang kaibigan ang babaeng litung-lito.
6. ____ Nakahanda na ba ang mga dadalhin mo sa paaralan?
7. ____ Hindi nakikipag-away si Regina dahil pusong-mamon siya.
8. ____ Totoo ang mga sinabi niya sa iyo.
9. ____ Malayung-malayo ang bayan ng San Felipe mula dito.
10. ____ Ang talento niya ay bukod-tangi kaya may mga humahanga sa kanya.
11. ____ Ang mga isdang binebenta riyan ay sariwa.
12. ____ Ang anak ni Ginang Ramos ay mapagbigay.
13. ____ Libu-libong mamamayan ang nasasalanta ng mga bagyo.
14. ____ Pantay-balikat ang baha sa Mindanao dahil sa bagyo.
15. ____ Umiinom siya ng bitamina dahil sakitin siya.
16. ____ Hindi niya makakasundo ang lalaking palabiro.
17. ____ Ang watawat ng Pilipinas ay kitang-kita mula sa kinatatayuan ko.
18. ____ Bago ang mga kagamitan nila sa bahay.
19. ____ Wala kang mauutang sa akin dahil walang-wala rin ako.
20. ____ Taos-puso ang kanyang paghingi ng paumanhin sa iyo.